Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address: humanitynews@yahoo.com
our website: www.humanitynewsph.com
HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite
Vol. X No.06

# 129th Anniversary of the Martyrdom of Jose Rizal (Rizal Day) Ceremony at Samonte Park








HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.06 January 5-11, 2026 P10.00

Nakikiisa ang City Government of Cavite ngayong araw sa pagpapanatili sa alaala ng kabayanihan ng ating tanyag na pambansang bayani, Dr. Jose Rizal.

Sa alaala ng "First Filipino", nawa'y masingagan tayo ngayong araw ng diwa ng kalayaan na binayaran gamit ang dugo, pawis, at luha ng mga tulad ni Rizal.

Nawa'y magsilbing paalala ang sakripisyo ni Jose Rizal sa tunay na kahalagahan ng pagbabago na nagsisimula sa kawanggawa ng mga Pilipinong may paninindigan, malasakit, at pag-asa.

Mabuhay ang alaala ni Rizal, mabuhay ang Lungsod ng Cavite, mabuhay ang bansang Pilipinas.

# Additional Job Assistance & Allowance For Tricycle Drivers



Bago matapos ang taong ito, Si Mayor Alex Advincula ay nakapaghatid ng pasasalamat at pagkilala sa ating mga TODA.

Kabuuang 2,598 tricycle drivers ang nahandugan ni Mayor Alex Advincula bilang simpleng pasasalamat sa kanilang araw-araw na serbisyo at mahalagang papel sa paghatid ng kabuhayan at maayos na transportasyon sa ating lungsod.

Sa darating na bagong taon, asahan n'yo pong patuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagbibigay-suporta sa ating mga tricycle drivers bilang tunay na katuwang sa kaunlaran at kaayusan ng Imus.

# BUSINESS ONE-STOP-SHOP (BOSS) 2026







Inaanyayahan ang lahat na magproseso ng kanilang business permit sa darating na BOSS 2026 na magsisimula ngayong darating na buwan ng Enero 5. Magsisimula sa oras na 8:00 am ng umaga.

Upang mas mapabilis ang transaksyon, ihanda at dalhin ang kumpletong mga kinakailangang dokumento sa Ground Floor Stadium Mall Munting Mapino Naic Cavite. Ang listahan ng mga requirements ay maaaring makita sa link na ito: https://drive.google.com/.../16JV-mAqaDbS5ftjUK1gad-QcTiQrF...

Para naman sa renewal ng business permit, maaaring mag-apply online gamit ang sumusunod: https://bpbc.ibpls.com/naic-cavite/login

eGOVph App: I-download ito mula sa Google Play o App Store, hanapin ang icon ng LGUs, at piliin ang Business Permit Licensing System (BPLS).

Lubos kaming nagpapasalamat at inaasahan ang inyong pakikiisa!

***Municipality of Naic***

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.06 January 5-11,2026 10.00 ISSN No.: 2672-3034




# DTI Cavite Enhances MSME Capabilities Through Newly Launched SSFs

## UHC AND YAKAP ORIENTATION DURING THE I-TODOH SERBISYONG PANGKALUSUGAN BY THE DOH IN GENERAL TRIAS, CAVITE






The Local Health Insurance Office (LHIO) of Trece Martires City actively participated in the I-toDOH Serbisyong Pangkalusugan organized by the Department of Health (DOH), held in

*Mas mapapadali na ang pag-aasikaso ng amilyar ngayong darating na tax season dahil dalawang service vehicles ang inilaan ni Mayor Jon-Jon Ferrer sa City Treasurer's Office, bilang bahagi ng one-stop services sa General Trias.*

*Magagamit din ang mga sasakyang ito sa pagpapadala ng notices para sa mas epektibong tax collection at iba pang operasyon gaya ng calibration sa mga gasolinahan.*





## Pangangamusta at Kwentuhan,Distribution of Assistive Devices



Bago matapos ang taong 2025, dalawang magkasunod na araw nag-ikot si Mayor Gemma Lubigan upang ipagpatuloy ang pamamahagi ng mga wheelchair bilang bahagi ng ating malasakit sa mga Treceñong nangangailangan kasama si Vice Mayor Bobby Montehermoso. Kasabay nito ang personal na pagdalaw at taos-pusong pakikipagkamustahan sa bawat benepisyaryo.

Higit pa sa pagbibigay ng kagamitang makatutulong sa kanilang araw-araw na pamumuhay, layunin nating ipadama na naririto ang pamahalaang handang makinig, umunawa, at umalalay sa kanila anumang panahon.At hindi rin ito maisasakatuparan kung hindi dahil sa inyo, maraming salamat tax payers!Be blessed, Be a blessing! Bagong Trece, Puso ng Cavite, Lungsod ng Pag-asa!

# Imus OCSWDO, ginawaran ng tatlong parangal ng RACCO 4-A




Pinarangalan ang Pamahalaang Lungsod ng Imus at Office of the City Social Welfare and Development Officer (OCSWDO) ng tatlong pagkilala mula sa Regional Alternative Child Care Office (RACCO) 4-A, kasabay ng 2025 Program Review and Evaluation Workshop na ginanap sa Lungsod Tagaytay nitong Disyembre 18, 2025.

Tinanggang Imus ang mga parangal na Local Government Unit (LGU) with the Highest Number of Cases Presented on Mandatory Appearances at LGU with the Highest Number of Issued Certificate Declaring a Child Legally Available for Adoption (CDCLAA).

Kinilala naman si Ruby Marie S. Pelaez bilang Best LGU Social Worker in AACP.

Sa pamamagitan ng aktibong pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensya at komunidad, patuloy na naipakikita ng Imus ang matatag na pamumuno at malasakit para sa kapakanan ng mga batang Imuseño.

Ang mga parangal na ito ay sumasalamin sa masigasig na pagtutok ng Pamahalaang Lungsod sa child protection, adoption processes, at sa patuloy na pagpapalakas ng social work services para sa mas ligtas at mas makataong Imus.

*City Government of Imus*

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.


Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

| | | |
|---|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = | Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = | Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = | Php 200.00 |




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY



**MAKATANG KABITENYO**
DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE
MAKATANG KABITENYO 1999
F&A.M LINCOLN LODGE # 34
DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGKAKA PANTAY-PANTAY

1. Ang pagkakapantay saka kalayaan,
Sila ang dalawang ating karapatan,
Kasama ng ibang may kahalagahan,
Bigay nitong Langit at Batas ng bayan.

2. Subali't pantay ba kung ating suriin?
Dukha ba't mayaman pantay ba sa turing?
Sa batas pantay raw at dapat purihin.
Subali't sa ibang bagay ay hindi rin.

3. Pantay dapat yaong karapatang bang-git,
Dukha dapat merong karapatang giit,
Subali't ang dukha ay laging maliit,
Mayama'y malaki, mahirap ay daig.

4. Sa pagkuha nitong gustong edu-kasyon,
Siyempre ang mayaman ay nauna doon,
Kulang sa salapi ang dukha ng nasyon
Pantay sa salita, sa gawa di gayon.

5. Itong patakarang nagbago sa bayan,
Libre matrikula mga pamantasan,
Ng ating estado sa lahat ng lunan,
Dukha'y nakasunod sa mga mayaman.

6. Subali't ang bansang tulad ng sa atin,
Na ang mamamayan D.H. sa gawain,
Sa bansang mayaman sila dadaigin,
Marami na tayong nakitang sinaling.

7. Kaya ang marapat tayo ay magsikap,
Kunin yaong dunong na ating pangarap,
Sikaping mag-impok at saka magtatag
Manatili, tayo sa sariling pugad.

8. Pagka't sa malayong bayan pag nagtungo,
At tayo'y tumanggap ng isang trabaho,
Laluna't mababa ang nakuhang suweldo,
Mababa, di pantay ating pagkatao.



# DTI Cavite Enhances MSME Capabilities Through Newly Launched SSFs








In support of MSME development in Cavite, the Department of Trade and Industry – Cavite successfully launched three Shared Service Facilities (SSFs) this December 2025, aimed at enhancing productivity, improving product quality, and strengthening the competitiveness of beneficiary organizations.

On December 22, 2025, an SSF for Food and Beverage Production was launched for the Social Enhancement Nurturing Program for Youth and Adult Deaf Society in Carmona, Cavite Inc. to provide inclusive livelihood opportunities and equip the deaf community with enhanced production tools and capabilities.

On December 23, 2025, an SSF for Agro-Processing was launched for the Yakap at Halik Multipurpose Cooperative to support value-adding activities, improve processing efficiency, and expand production capacity for its members.

On December 26, 2025, an SSF for Wearables and Homestyle was launched for the Jesus Others and You Multipurpose Cooperative to further enhance productivity and product quality through upgraded shared manufacturing equipment.

Through this initiative, DTI Cavite continuously strengthens its commitment in empowering MSMEs by providing modern tools, technology, and opportunities to expand production and grow their businesses.




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza

# OUTREACH AND GIFT GIVING A KINDNESS WITHOUT BORDERS: GLOBAL HEARTS, LOCAL HOPE







An outreach and gift-giving activity spearheaded by Ma'am Gia Angcao and her dedicated team was successfully conducted today , December 28, 2025, bringing encouragement and practical support to the Persons Deprived of Liberty (PDLs) through donations sponsored by private individuals from abroad, including Japan, Hong Kong, Korea, and the United States. Along with essential items, food and snacks were distributed, symbolizing compassion that transcends distance, culture, and nationality, and reminding the beneficiaries that they are remembered and valued.

As a heartfelt expression of gratitude, the PDLs performed Christmas songs and showcased dance and singing presentations that filled the activity with joy and festive spirit. Present during the program were Chief Supervisor SJO3 Elsa Sibulo and the duty jail officers, who witnessed the meaningful exchange of goodwill, while tokens of appreciation were also given to Ma'am Gia Angcao and her team in recognition of their generosity and service.

# THE GRAND COUNTDOWN TO 2026





January 1, 2026, at the City of Dasmariñas Arena Parking Grounds, the New Year's Countdown marked the joyful and vibrant welcome of 2026, bringing together Dasmarineños in a night filled with music, celebration, and hope for a prosperous year ahead.

Mayor Jenny Austria-Barzaga, Vice Mayor Third Barzaga, Congressman Kiko Barzaga, and the Members of the Sangguniang Panlungsod were present, joining Dasmarineños in a united and hopeful welcome of the New Year.

# MAYOR STRIKE, PINARANGALAN ANG "STRIKE ZUMBA" INSTRUCTORS






Office of the Mayor | December 29, 2025 — Nagdaos ang Pamahalaang Lungsod ng Bacoor ng isang year-end meeting upang kilalanin at pasalamatan ang mga instructors ng "Strike Zumba", sa pangunguna ni Mayor Strike B. Revilla.

Kasama si Councilor Karen Sarino Evaristo, ipinahayag ni Mayor Strike ang taos-pusong pasasalamat sa mga instructor sa kanilang dedikasyon sa pagsusulong ng kalusugan at aktibong pamumuhay ng mga Bacooreño.

Nagsilbi ang pagpupulong bilang pagkilala sa positibong epekto ng Strike Zumba Program sa komunidad at sa patuloy na pagbibigay ng masaya, abot-kaya, at inklusibong fitness activities para sa lahat.

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Atsuete bilang halamang gamot



***Scientific name:** Bixa acuminata Poir.; Bixa purpurea Sweet.; Bixa tinctoria Salisb.*

***Common name:** Atsuete o Achuete (Tagalog), Lipstick plant (Ingles)*

Ang asparagus ay kilalang-kilala na gulay na kinakain ng mga Pilipino. Ang halaman ay maliit lamang na may maliliit at mala-kaliskis na mga dahon at maliliit na bilog na bunga. Karaniwan itong tumutubo sa mga malalamig na bansa sa Europa. Sa Pilipinas, ito ay makikita sa matataas na lugar tulad ng Benguet at Baguio.

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Asparagus?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang asparagus ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang ugat ng asparagus ay makikitaan ng ilang mga substansya at kemikal gaya ng sugar, gum, albumen, chloride, acetate at phosphate of potash, malates, at iba pa.

Ang bunga ay may taglay na grape-sugar at sparagancin.

Ang buto ay kinukuhanan ng langis, aromatic resin, sugar, at spargin.

Sa dahon naman, makakakuha ng amino acids at ilang mga inorganic na mineral

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Ang buong halaman ng asparagus ay ginagamit bilang halamang gamot. Karaniwang pinakukuluan ang buong halaman at iniinom ang sabaw.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Asparagus?

1. Rayuma. Kadalasang ginagamit ang katas ng halaman para ipanggamot sa pananakit ng mga kasukasuan dulot ng rayuma. Maaaring pakuluan ang halaman at ipainom ang pinaglagaan nito.
2. Tuberculosis. Ang ugat ng halamang asparagus ay ginagamit ding panglunas sa karamdamang tuberculosis.
3. Hirap sa pag-ihi. Mabisa ring panglunas sa hirap sa pag-ihi ang pag-inom ng pinaglagaan ng ugat ng asparagus.
4. Pamamanas o gout. Ang pinakuluang gulay na asparagus ay mabisang panglunas din sa pamamanas at gout sa ilang bahagi ng katawan.
5. Cancer. May ilang pag-aaral din ang nagsasabing may taglay na ilang mga sustansya na makapagpapaliit o makakabawas ng pagkalat ng cancer cells sa katawan.
6. Pananakit ng ngipin. Sa ibang lugar, sinusunog ang ugat ng asparagus at pinapaamoy sa taong nakararamdam ng pananakit ng ngipin.
7. Hirap sa pagdumi o pagtitibi. Ang ugat ng halaman ay karaniwang ginagamit din para padaliin ang pagdudumi.
8. Hang over. Nakatutulong ang pag-inom ng pinaglagaan ng asparagus at pagkain ng mismong gulay nito sa pagbawas ng epekto ng alak sa katawan.



# From Screen to Spotlight: Southeast Asian community filmmakers shine at the 2025 SineMaya Community Short Film Festival



*BENTE Productions Chairman Mr. Hugo C. Yonzon III (leftmost) and CARD MRI Senior Adviser Ms. Aniceta R. Alip (second from left) pose with the Light by the Sea Productions team from Vietnam, recipients of the Best Film award in the Legacy Lens Category for their film "Light by the Sea", a SineMaya film entry that tells the story of a woman struggling to care for her children and elderly mother after losing her husband at sea, who receives help from her community so her son can stay in school.*

The 2025 SineMaya Community Film Festival, organized by BENTE Productions, the multimedia arm of CARD MRI, culminated in an awarding ceremony on December 15, 2025, at SM City San Pablo. The festival celebrated short films that embodied the official theme, "PAMANAON: Stewards of the Future," highlighting the importance of legacy, responsibility, and collective action.

This year's festival brought together filmmakers from diverse communities who used filmmaking as a platform to explore social realities, cultural heritage, and hope, while also embracing innovation through emerging technologies such as artificial intelligence. By combining storytelling with innovation, the event showcased how film can be both an artistic and transformative medium.

Reaffirming the festival's vision, CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip highlighted the transformative power of storytelling, saying, "Through SineMaya, filmmakers were encouraged to craft stories that reflect how the choices and actions of today shape the lives and opportunities of future generations." He also praised the participants for creating works that go beyond entertainment. "Their courage, creativity, and purposeful narratives demonstrate how art can help shape a more compassionate and responsible world," he added.

Following a rigorous judging process of all 18 SineMaya finalists, where each entry was carefully assessed for storytelling, technical skill, creativity, and social relevance, the winning films emerged as works that inspired, moved, and touched the audience.

Top honors were awarded to "Alab" by Paroy Film Productions, which received Best Film for the AI-Powered Film category, and "Light by the Sea" by Light by the Sea Productions, which won Best Film for the Legacy Lens category. Both films also earned special recognition through the Legacy Awards, with "Alab" receiving the CARD MRI Managing Director's Choice Award, and "Light by the Sea" being named one of the recipients of the CARD MRI Founder's Excellence Award, alongside "Pamaon" by ShotUp Productions. These recognitions underscored the films' ability to merge artistic excellence with strong messages of service, resilience, and intergenerational responsibility—values closely aligned with the festival's theme.

Outstanding achievements in performance, direction, and technical craft were also recognized. The Acting Awards honored Rosalie Castillo as Best Supporting Actor in a Female Role for her portrayal of Nanay Riya in "Pag-alala" of Balik-Tanaw Productions, and Ken Laurence Ante as Best Supporting Actor in a Male Role for his role as Arvin in "Liham" by Bikolanong Lagalag Productions. The Best Actor in a Female Role was bagged by Jorlyn Ledesma for her performance as Lira in "Binhi sa Kaugmaon" by Kanlaon Film Productions, while Nel Estuya received Best Actor in a Male Role for his portrayal of Tatay Fernando in "Saan Aabot Ang Singkwenta Ni Tatay?" filmed by Kisapmata Film Productions.

Technical excellence was likewise celebrated, with Best Editing awarded to Jhon Lorenz Jegillos for "Liham" and Best Cinematography to Jimuel Sohitado for "Binhi sa Kaugmaon". Meanwhile, Dang Thi Hanh was named Best Director for the visually and emotionally compelling "Light by the Sea".

Innovation took center stage in the AI-lamat Category, where "Alab" emerged as a dominant force, winning multiple awards, including Best AI-Powered Visual Effects, Editing, and Cinematography, as well as Excellence in AI-Enhanced Directing for Christian Laurence Jegillos. Meanwhile, "Damay: Mangagaway" by Dangshin Productions received Best Lifelike AI Characterization, highlighting how technology can be harnessed to deepen storytelling while maintaining emotional authenticity.

Special awards recognized creativity and audience impact, with "Ang Huling Punla" by Dos-T Productions winning Best Musical Scoring; "Saan Aabot Ang Singkwenta Ni Tatay?" by Kisapmata Film Productions earning both Best Screenplay and the People's Choice Award; and "Damay: Mangagaway" by Dangshin Productions taking home Best Trailer.

The festival also underscored its commitment to social advocacies through the Community Development Awards. Honorees included "Hope in the Rain" by Catalyst Productions for Agriculture; "The End of the Sky" by CanhDieu-Vanh Productions for Gender Equality; "Pamana" by Liwayway Films for Education; "Ang Huling Punla" by Dos-T Productions for Environmental Protection; "Hangarin" by Kumatha Productions for Disability Representation; and "Pag-alala" by Balik-Tanaw Productions for Youth Empowerment. Additional recognitions went to "Tao Rin Ako" by Panangaawat Productions, which received the Inclusive Service Award, and "Pamanaon" by ShotUp Productions, honored with the Young Filmmaker Award.

The success of the festival was made possible through the guidance and leadership of key figures who continue to champion community development through the arts. "SineMaya is more than a film festival. It is a shared journey of storytelling where every film becomes a mirror of our values and a bridge to the future we want to build together, " said Ms. Marilyn M. Manila, BENTE Productions President.

Before the awarding ceremony, all 18 SineMaya finalists were simultaneously screened at SM Cinemas in Iloilo City, Davao City, and Manila on November 22, 2025. This nationwide screening allowed audiences from different regions to experience the stories firsthand and actively participated in determining the People's Choice Award.

SineMaya Community Film Festival is a platform dedicated to empowering grassroots and community filmmakers to tell stories that promote social development, inclusion, and shared responsibility. Anchored in the belief that cinema can be a tool for education, advocacy, and transformation, SineMaya encourages narratives that reflect lived experiences, highlight community issues, and inspire positive action.

As the festival concluded, the 2025 SineMaya Community Film Festival once again affirmed that storytelling—grounded in compassion, innovation, and service—remains a powerful force in strengthening communities and shaping a more inclusive, hopeful, and sustainable future.

***Edrian Banania,***
***Junior Writer***

## UHC AND YAKAP ORIENTATION DURING THE I-TODOH... from page 1

General Trias, Cavite on November 22, 2025. The activity aimed to bring essential health services closer to the community

During the event, LHIO Trece Martires City provided on-site assistance to residents by offering services such as member registration, updating of records, and clarification of concerns related to PhilHealth coverage. Staff also distributed informational materials and conducted brief orientations on Universal Health Care (UHC) and the PhilHealth Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP).

The team's participation ensured that attendees were informed about their rights and entitlements as PhilHealth members, as well as the expanded benefits available under UHC.

Through this outreach, LHIO Trece Martires reaffirmed its commitment to making health information and services more accessible to communities.

# CAVITE PRESS CORPS: TAUNANG YEAR-END PARTY NG MGA RESPONSABLENG MAMAHAYAG NG CAVITE




Bacoor City, Cavite — Hindi lamang pagtatapos ng isang taon ang minarkahan ng taunang Year-End Party ng Cavite Press Corps (CPC) kahapon, Disyembre 28, 2025 na ginanap sa Office of the CICRD Building, Bacoor City Hall.

Sa mas malalim na diwa, ang pagtitipon ay nagsilbing pagpapatuloy ng isang mahabang tradisyon ng kolektibong paglilingkod at paninindigan sa malaya at responsableng pamamahayag sa lalawigan ng Cavite.

" CAVITE PRESS CORPS: ISANG INSTITUSYONG HINUBOG NG PANAHON"

Ang Cavite Press Corps ay binuo bilang isang samahan ng mga mamamamahayag mula sa iba't ibang pahayagan, istasyon ng radyo, telebisyon, at online platforms na aktibong nagko-cover ng mga kaganapan sa buong lalawigan.

Sa paglipas ng mga taon, ang CPC ay nagsilbing tagapag-ugnay ng media at lokal na pamahalaan, at higit sa lahat, bilang boses ng publiko sa pagsusulong ng transparency, accountability, at karapatan ng mamamayan sa wastong impormasyon.

Sa gitna ng mga pagbabago sa pulitika, teknolohiya, at daloy ng balita, nanatiling buháy ang diwa ng CPC—ang pagtitipon ng magkakaibang tinig ng media sa iisang layunin: ANG PAGHAHATID NG KATOTOHANAN NANG MAY INTEGRIDAD AT PANANAGUTAN .

Ang mga nagdaang pamunuan ng CPC ay naglatag ng matibay na pundasyon ng propesyonalismo, mutual respect, at kolektibong aksyon, na hanggang ngayon ay pinanghahawakan ng kasalukuyang liderato.

" PAMUMUNO AT PANININDIGAN SA MAKABAGONG PANAHON"

Sa pamumuno ni CPC President Gene Adsuara ng Abante Tonite, patuloy na pinapalakas ang organisasyon sa harap ng makabagong hamon sa pamamahayag partikular ang mabilis na paglaganap ng disimpormasyon, pag-usbong ng digital media, at pagtaas ng panganib sa kaligtasan ng mga mamamamahayag.

Sa kanyang mensahe, iginiit ni Adsuara na ang tungkulin ng media ay hindi natatapos sa pag-uulat lamang ng mga pangyayari, kundi sa pagbibigay-konteksto, pagsusuri, at paglalantad ng katotohanang may direktang epekto sa buhay ng mamamayan.

"Ang kasaysayan ng Cavite Press Corps ay kasaysayan ng paninindigan. Sa bawat administrasyon at sa bawat pagbabago ng panahon, nariyan ang CPC upang magsilbing bantay at katuwang ng publiko," ani Adsuara.

MEDIA, PAMAHALAAN, AT PUBLIKO: ISANG MASALIMUOT NGUNIT MAY MAHALAGANG UGNAYAN

Ang Year-End Party ay nagsilbi ring simbolo ng maingat ngunit mahalagang ugnayan sa pagitan ng media at ng mga institusyong may kapangyarihan.

Ang presensya at suporta ng mga lokal na opisyal, pambansang ahensya, kapulisan, at pribadong sektor ay patunay na kinikilala ang papel ng malayang pamamahayag bilang mahalagang haligi ng demokratikong lipunan.

Lubos na pinasalamatan ng CPC ang mga sponsor at katuwang na patuloy na nagbibigay suporta sa mga gawain ng organisasyon mula kina Imus Mayor AA Advincula, Gentri Mayor Jon Jon Ferrer,

Cong. Only Ferrer, Noveleta Mayor Denver Chua,

Silang Mayor Ted Carranza,

National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), Mr. Carlo Antonio Castro, CEO, Villa Excellence Beach & Wave Pool Resort, Department of Health (DOH), Bacoor Mayor Strike Revilla, Mekeni Food Corporation, Senator Bong Go, Cavite PD PCol. Ariel Red, PIO PPO PLt. Jane Drio, at kay RD PRO 4A PBGen. Paul Kenneth T. Lucas.

Ayon sa pamunuan ng CPC, ang ganitong ugnayan ay hindi nangangahulugan ng kompromiso sa kalayaan ng media, kundi isang responsableng pakikipag-ugnayan na may malinaw na hangganan, kung saan nananatiling pangunahing layunin ang interes ng publiko.

Ang Cavite Press Corps ay binubuo nina President Gene Adsuara ng ABANTE/ ABANTE TONITE , Vice President Sid Samaniego ng PILIPINO MIRROR , Margie Bautista ng REMATE , Irine Gascon ng POLICE FILES , Ruel Francisco ng PIA , Dennis Abrina ng MANILA TIMES, Janice Baricuatro ng BULGAR , Maria Cristina Go Timbang ng PILIPINO STAR NGAYON/ PM NEWS , Vincent Octavio ng BIG J101 FM, Mario Basco ng PILIPINO MIRROR , Jimmy Barrientos ng SPARKLE NEWS , Bernard Jaudian Jr. ng PTV 5 , Joven Cagande , PHOTOG / PHIL STAR NEWS at Jon Cagande ng CAVITE NEWS TODAY.

PANATA SA HINAHARAP:

Habang nagsasara ang taon, ang pagtitipon ay nagsilbing sandali ng kolektibong pagninilay para sa mga kasapi ng Cavite Press Corps—mga mamamamahayag na sa kabila ng limitadong resources, pisikal na panganib, at hamon ng modernong media landscape, ay patuloy na tumutupad sa kanilang tungkulin.

Ang Year-End Party ng CPC ay hindi lamang pagdiriwang ng nakalipas na taon, kundi isang muling panata sa mga prinsipyong humubog sa organisasyon: katotohanan, integridad, at serbisyo sa sambayanan.

Sa pagharap sa bagong taon, dala ng Cavite Press Corps ang bigat ng kanilang kasaysayan at ang pananagutang ipagpatuloy ito para sa probinsya ng Cavite, at para sa mamamayang patuloy na umaasa sa malaya at mapanagutang pamamahayag.

# MAYOR DAVEY CHUA NG NOVELETA CAVITE PINARANGALAN NG GAWAD LINGKOD BAYAN AWARDS 2025



NOVELETA CAVITE --- Pinarangalan at Kinilala ang Punong Bayan ng Noveleta Cavite na si Mayor Davey Reyes Chua ng Gawad Pilipino Lingkod Bayan Awards 2025 bilang isa sa Natatanging Alkalde na tunay na naglilingkod sa tao at sa Bayan.

Ginanap ang Awarding sa Armed Forces of the Philippines Commissioned Officers Clubhouse, Camp Aguinaldo, Quezon City.

Ang Gawad Pilipino Lingkod Bayan Awards 2025 ay kumikilala sa mga indibidwal na higit sa inaasahan, na nagbubuhos ng puso at layunin sa kanilang trabaho at nagtataglay ng tunay na diwa ng kahusayan, integridad at walang pag-iimbot ating bansa.

***( CAVITE NEWS TODAY)***



# TERNATE MARDICAS FESTIVAL





Masigla at makulay na ipinagdiwang sa Ternate, Cavite ang Mardicas Festival kahapon. Tampok ang pagtatanghal ng mga mag-aaral ng Ternate West National High School na nagwagi bilang Champion at Best in Costume sa Secondary Level.

Ang pagdiriwang ay pagbibigay-pugay sa mga ninuno ng mga Ternateño na nagmula sa Ternate, Maluku, Indonesia, at sa makulay na kasaysayan ng Bayan.

# 5-DAY WELLNESS LEAVE PARA SA MGA GOV'T WORKERS, INAPRUBAHAN NG CSC

Inaprubahan ng Civil Service Commission (CSC) ang pagbibigay ng hanggang limang (5) araw na Wellness Leave (WL) para sa mga kuwalipikadong opisyal at empleyado ng pamahalaan bilang suporta sa Mental Health Act.

Ayon kay CSC Chairperson Marilyn Barua-Yap ang Wellness Leave ay isang "proactive response to the realities" kaugnay sa kinahaharap na hamon ngayon ng mga government workers. "By giving employees the space to rest, recover, and care for themselves, we reinforce a public service environment that is compassionate, resilient, and more responsive to the needs of the Filipino people," aniya.

Batay sa CSC Resolution No. 2501292, nakasaad dito ang mga probisyon ng Joint Administrative Order No. 2023-000 na inisyu ng CSC, Department of Labor and Employment (DOLE), at Department of Health (DOH), na nagsasabing itinuturing ang mental health bilang "priority area for workplace health-promotion interventions."

Nakabatay rin ang polisiya sa 2025 Global Workplace Report, kung saan lumabas na ang mga manggagawang Pilipino ay pumapangalawa sa may pinakamataas na antas ng stress sa Timog-Silangang Asya, na dulot ng mabibigat na trabaho at unhealthy lifestyle.

Pinapayagan ang paggamit ng Wellness Leave nang hanggang tatlong magkakasunod na araw sa bawat pagkakataon, o kaya'y sa hiwa-hiwalay na araw. Hindi ito naiipon, hindi convertible sa cash, at mawawalan ng bisa kapag hindi nagamit sa loob ng calendar year.

Maaaring gamitin ng mga empleyado ang WL para sa mental health care, physical wellness activities, o simpleng pagpapahinga mula sa trabaho.

Kailangan ang rekomendasyon ng immediate supervisor sa pag-aapply ng WL, at isusumite ito sa head of office para sa final approval.

Dapat isumite ang aplikasyon nang hindi bababa sa limang araw bago ang planong petsa ng paggamit. Para naman sa mga agarang pangangailangan o emergency, maaaring mag-file pagbalik sa trabaho.

Ayon sa CSC, magiging epektibo ang bagong polisiya pagkalipas ng 15 araw matapos itong mailathala sa isang pahayagang may malawak na sirkulasyon, kasunod ang anunsyo sa official publication at effectivity date sa publiko.

# Grow with Silang 2026: First Silang Business Summit, Isinulong ang Enterprise Empowerment at Business Innovation



Matagumpay na isinagawa ng Pamahalaang Bayan ng Silang ang kauna-unahang Grow with Silang 2026: Enterprise Empowerment & Business Innovation Summit, na nagtipon sa mga lokal na negosyante, MSMEs, at stakeholders upang palakasin ang kaalaman, inobasyon, at kakayahang makipagsabayan sa nagbabagong ekonomiya.

Ang summit ay inorganisa ng Office of the Municipal Cooperatives Development Officer- OMCDO Silang / Municipal Economic and Investment Promotion Office (MEIPO) sa pangunguna ni Ms. Cynthia Cortez, sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Ted Carranza.

Nagsilbi itong plataporma para sa pagbabahaging kaalaman at estratehiya bilang bahagi ng patuloy na adbokasiya ng bayan sa pagpapalakas ng lokal na ekonomiya.